

Tagalog タガログ語

Gabay sa Pagpasok sa high school para sa
Taong Panuruan ng Reiwa 8



Sabado, 26 Setyembre 2026
Linggo, 4 Oktubre 2026
Biyernes, 9 Oktubre 2026



Magsisimula na ang orientation sa pagpasok sa high school.

Una, isasagawa ang paliwanag na para sa lahat, at sa huli ay magkakaroon ng indibidwal sa konsultasyon.

Sama-sama nating pag-isipan ang inyong kinabukasan at pagpasok sa high school.

Pagkatapos ng Junior High School

Gustong higit pang pag-aralan ang paboritong subject



Gustong subukan ang mga bagong bagay



Magpupursigi para sa pinapangarap na trabaho sa hinaharap



Sa Japan, ang elementarya at junior high school ay karaniwang itinatalaga batay sa lugar ng tirahan.

Pero pagkatapos ng junior high school, ikaw ang madedesiyon kung ano ang plano after graduation.


Ano ang uri ng buhay na gusto ninyo pagkatapos ng junior high school?

Tungkol sa residency status ng mga dayuhang nag-iisip na magtrabaho sa Japan pagkatapos ng pag-aaral sa high school

Pangunahing ruta

Permanenteng residente : Pumasok sa Japan hanggang edad17 + Nagtapos sa elementarya + Nagtapos sa junior high school + Nagtapos sa high school + May nakapirming trabaho

Designated activities : Pumasok sa Japan hanggang edad17 + { Pagsisimula ng high school → Nagtapos sa high school
Pagsali sa high school sa gitna ng programa + Nagtapos sa high school
Japanese Language Proficiency N2
+ May nakapirming trabaho + Sinusuportahan ng magulang na naninirahan sa Japan }



Reference : Immigration Bureau of Japan Website



Dahil malaki ang kaugnayan ng status of residence sa trabaho sa hinaharap, ipapaliwanag ko muna ito ng kaunti.

Kung i-scan ang QR code, ma-access ninyo ang materyal na ito at pwedeng tingnan sa bahay.

Iniisip ko na marami sa inyo ang dumating sa Japan kasama ang inyong mga magulang o ipinanganak sa Japan.

Sa tingin ko, ang inyong residency status ay "Long-term Resident" kung kayo ay Japanese descent, at "dependent" naman sa karamihan ng iba.


Ayon sa kasalukuyang regulasyon ng Japan, kung mananatili sa "Dependent" status, hindi kayo pinapayagang magtrabaho nang 28 oras o higit pa sa Japan, at limitado rin ang inyong mga trabaho.

Pero kung makapagtapos kayo ng Japanese high school, maaari ninyong baguhin ang inyong status sa "Long-term Resident" o "Designated Activities", makakapag trabaho ng 28 oras o higit pa at magiging mas malawak ang inyong mga oportunidad sa trabaho.

Mas madami ang option sa trabaho ng mga Japanese descent na may status na "Long-term Resident" at nagtapos ng high school, kaysa sa nagtrabaho agad after junior high school.

Kung gusto ninyong manatili sa Japan, mahalaga ang pagpasok at pagtatapos ng high school.

1 Ano ang high school?



Pag-usapan muna natin ang tungkol sa high school.

Sa Japan, pagkatapos ng junior high school, karamihan ng tao ay nagpapatuloy sa pag-aaral, at marami sa kanila ay nag-aaral sa "high school".

Ngayon, panguahin kong ipapaliwanag ang tungkol sa "high school".

2 Ano ang pinagkaiba sa High school kumpara sa Junior High School?

- **Pag-commute**

Naglalakbay gamit ang bus o tren para sa mas malalayong paaralan

- **Pag-aaral**

May mga school na may pagkakataong pumili ng mga klase o tumanggap ng suporta sa wikang Hapon

- **Textbook**

Hindi libre.

Kailangan bumili ng mga kinakailangang textbook.



- **Tanghalian**

Walang school lunch; kailangang magdala ng sariling baon.
May mga school na may kantina.




Sa junior high school at high school, may ilang pagkakaiba tulad ng "paraan ng pagko-commute sa school", "pag-aaral", "aklat", at "tanghalian".

3 Ilan ang public high school sa Toyama?


◆Public high school (39 school)

◆Private high school(10 school)



Sa Toyama Prefecture, mayroong 39 public high schools na pinamamahalaan ng prefecture.

Mayroong 10 pribadong high schools na pinamamahalaan ng mga pribadong sektor.



May tatlong uri ng high school.

Ang una, ang "full-day system", ay katulad ng elementarya at junior high school—pumapasok sa umaga at umuuwi sa hapon.

Sa Toyama Prefecture, marami ang mga bata na nag-aaral sa "full-day system".

Ang "part-time system" ay isang paaralan na pumapasok lamang sa maikling oras sa araw o gabi, at maraming estudyante ang nagtatrabaho habang nag-aaral.

Ang "correspondence system" ay karaniwang nag-aaral sa bahay at nagsusumite ng module sa paaralan.

Paminsa-minsan pupunta sa high school.

5 Maari bang mag-enroll ang kahit sino sa high school?

Sa Abril 1 ng taong pagpasok sa high school, kailangang 15 taong gulang pataas at dapat matugunan ang isa sa tatlong kundisyon sa ibaba.

- (1) Ang mga nakapagtapos na sa junior high school sa Japan o inaasahang magtatapos sa Marso 2027.
- (2) Ang mga nakapagtapos na sa junior high school sa ibang bansa o katumbas na paaralan, o inaasahang magtatapos hanggang Marso 2027.
- (3) Ang mga kinikilalang may parehong antas o mas mataas na kaalaman kaysa sa mga nakapagtapos ng junior high school. (Pumasa sa Examination para sa Sertipikasyon ng Antas ng Pagtatapos sa Junior High School)

+

Entrance Exam

Hindi mandatory ang high school, kaya maaari kayong pumasok kung pumasa sa entrance exam.

Kung 15 taong gulang o higit pa sa April 1 ng taon ng pagpasok,

(1) at nakapagtapos o makapagtatapos sa Japanese middle school sa Marso 2027,


(2) o nakapagtapos o makapagtatapos sa junior high school sa ibang bansa o katumbas nito hanggang Marso 2027,

(3) Taong kinikilalang may kakayahan sa pag-aaral na katumbas o mas mataas kaysa sa nagtapos ng junior high school.
Kung ikaw ay kabilang sa alinman sa mga sumusunod, maaari kayong kumuha ng entrance exam.

Mahirap daw makakuha ng "Certificate of Equivalency for Junior High School" dahil kailangan ninyong pumasa sa lahat ng subject.

Kung nagaaral kayo ngayon sa junior high school, mag-aral mabuti para makapag graduate.

6 Sabihin sa Amin Tungkol sa Mga Entrance Exam



May dalawang uri ng entrance examination: recommendation selection at general selection.

May mga kundisyong kailangang matugunan upang makapag-aplay sa "recommendation selection". Kung nais mong mag-aplay, mangyaring kumonsulta nang mabuti sa iyong guro sa junior high school.

Sa "general selection" ay isang pagsusulit sa akademikong kakayahan sa Japanese, Social Studies, Mathematics, Science, at English.

Mahalaga sa pag pass ang "recommendation selection" at "general selection", at ang "student record" na naglalaman ng mga record sa aktibidad at bilang ng mga araw ng pumasok sa junior high school.

Ito ay inihahanda sa junior high school, kaya pahalagahan ang inyong gawain sa school.

7 Anong uri ng mga tanong ang lumalabas sa pagsusulit sa akademikong test?

Ang mga tanong na lumalabas ay mula sa mga nilalamang pinag-aralan at natutunan sa Wikang Hapon, Araling Panlipunan, Matematika, Agham, at Ingles mula sa unang taon hanggang ikatlong taon ng Junior High School.

Public high school

Ang mga dayuhang naninirahan sa Japan nang hindi lalampas sa anim na taon ay maaaring humiling na lagyan ng furigana ang mga tanong, kung nais nila. (Mangyaring mag-apply mula sa Junior high school. Ang mga nais ay dapat makipag-usap sa kanilang guro.)

Private high school

Iba-iba depende sa high school

Ang nilalaman ng entrance exam ay ang mga pinag aralan sa 1st year to 3rd year ng junior high school.

Sa public high schools na full-day system, Pareho ang mga problem na lalabas sa entrance exam sa lahat ng school at course.

Sa private school, iba ang nilalaman ng exam depende sa school.

8 Paano mag-apply para sa entrance exam?

Ang mga aplikasyon para sa public high school, private high school, recommendation exam, at general exam ay isinasagawa lahat sa pamamagitan ng web.

(Maliban sa mga correspondence high school)



- Magkaiba ang iskedyul ng aplikasyon para sa public high school at private high school.
- Una, kumonsulta sa mga guro sa Junior high school, prefectural board of education ng Toyama, at mga malapit na NPO.

Ang application sa entrance exam ay ginagawa online, maliban sa correspondence system.

Iba-iba ang iskedyul ng application ng bawat paaralan.

At ang application ay available lamang sa Japanese.

Kung nag-aaral pa kayo sa middle school, kausapin ang inyong guro; kung hindi, kausapin ang local education office o malapit na NGO.

9 Informe o cronograma

	Private high school		Public high school	
	Recomendation exam	General exam	Recomendation exam	General exam
Disyembre				
Enero	Aplikasyon at Entrance Exam			
Pebrero		Entrance Exam	Entrance Exam	
Marso		Paunang kumpirmasyon ng pagpasa		Entrance Exam

Disyembre: Aplikasyon at pag-bayad ng examination fee
 Enero: Entrance Exam
 Pebrero: Entrance Exam
 Marso: Paunang kumpirmasyon ng pagpasa, Announcment ng resulta ng exam, Entrance Exam

Ang iskedyul ay halos ganito sa bawat taon.

Sa Toyama Prefecture, halos lahat ng tao ay parehong nag-aapply sa public at private high schools.

Kung makapasa sa private high school at gusto ninyong mapanatili ang eligibility sa private high school, kailangang bayaran ang isang bahagi ng tuition fee, humigit-kumulang 50,000 yen.

Kahit makapasa kayo sa public high school at doon mag-aral, hindi maibabalik ang tuition fee na nabayaran na sa private high school.

10 Magkano ang Gastos sa high school?

Reiwa 8		Public high school			Private high school (Pang-araw na klase)
		Pang-araw na klase	Par-time high school; Klase sa takdang oras	Correspondence; Pag-aaral sa pamamagitan ng koreo o online	(Depende sa paaralan)
Entrance Exam	Examination fee	¥2,200	¥950	¥460	Halos ¥ 9,000
Sa araw ng entrance	Entrance fee	¥5,650	¥2,100	Wala	Halos ¥ 130,000
	Uniform, Sportswear	Halos ¥ 70,000			May makukuha ng tulong kung matutugunan ang mga kondisyon, gaya ng tungkol sa income.
Pagkatapos ng entrance	Tuition Fee	【Mga kondisyon para makatanggap ng tulong sa tuition】 ○Estudyanteng Japanese citizen at may tirahan sa Japan ○Estudyanteng hindi Japanese citizen at may tirahan sa Japan (May mga sumusunod na status residence) • Special permanent resident • Permanent resident • Asawa ng Japanese • Asawa ng permanent resident • Taong may long-term resident at kinikilala na may intensiyong maging permanent resident • Taong may dependent status, nagtapos sa elementary at junior high school sa Japan, at			
	Textbook	Halos ¥ 15,000 ~ ¥ 20,000			
	Iba pa	Bayad sa PTA, Bayad sa club activity, Bayad sa aklat, Gastos sa pag-commute (pamasahe sa bus o tren) at iba pa			

- Mayroong sistema ng suportang pinansyal para sa mga public high school at private high school.
- Simulan ang maayos na pag-iipon para sa pagpasok sa high school.

Ang list na ito ay naglalaman ng mga gastos para sa entrance exam, mga kinakailangang gastos kapag nag-enroll, at mga gastos na babayaran habang nag-aaral.

Tungkol sa tuition fee sa private high schools, maaring makatanggap ng suporta kung natutugunan ang kondisyon, gaya ng tungkol sa income.

Tungkol sa school fees, parehong sa public at private high schools, maaaring makatanggap ng suporta kung natutugunan ang mga kondisyon gayang tungkol sa citizenship at residency status.

Parehong kailangan sa public at private high schools, ang humigit-kumulang 70,000 yen para sa uniform at gym uniform, at para sa mga estudyanteng magbibiyahe gamit ang bus o tren kailangan ding maghanda ng pamasahe.

Magplano ng mabuti sa pagipon para sa pagpasok sa high school.

Para sa Mga Magulang

©Para sa mas mabuting pagdesisyon para sa inyong anak...-

【Kung ang inyong anak ay naka-enrol sa paaralan...】

Ang paaralan ay handang tumulong sa pagdesisyon tungkol sa hinaharap ng inyong anak habang sinusupportahan kayo.

Pakisuyo po na palaging sagutin ang anumang tawag mula sa paaralan. Makipag-ugnayan sa paaralan kung may tanong o problema.

【Caso a criança não esteja frequentando a escola】

Magtanong sa Komite ng Edukasyon o lokal na samahan kung may tanong problema. Sama-sama natin pag-isipan ang desisyon para sa hinaharap ng inyong anak.

Mga magulang, pag-isipan natin ang plano para sa hinaharap ng inyong mahal na anak kasama ang junior high school, Toyama Prefecture Board of Education, at malapit na NGO.